

## Bagong Medicare kard, datihang lumang mga pandaraya

Ang Medicare ay magpapadala ng bago, higit na siguradong mga Medicare kard na may Medicare Number na natatangi sa bawat tao na may Medicare. Aalisin ng Medicare ang lumang kard dahil ang lumang Medicare Number ay nakabase sa Social Security Number ng ibang tao. Kung minsan, ginagamit ng mga mandaraya ang mga Social Security Number upang subukin na nakawin ang pagkakilanlan ng isang tao, upang makapagbukas ng bagong credit card, o kahit na sa pagkuha ng mga utang na nasa pangalan ng ibang tao.

Ang iyong mga benepisyo ay hindi magbabago sa Bagong Medicare kard, at ito ay ipadadala sa iyo sa koreo ng libre—hindi mo kailangang magsagawa ng anumang aksyon para makuha ito.

Ang mga mandaraya ay umaasang hindi ka mabibigyan ng impormasyon tungkol sa pagbabago sa mga Medicare kard at maaaring subukin nilang gamitin ang pagkakataong ito upang makuha ang iyong personal na impormasyon. Labanan ito sa pamamagitan ng mga sumusunod na mga paalalang na ito:

- **Huwag magbayad para sa iyong bagong Medicare kard.** Ito ay libre. Kung may tatawag na sinuman at magsasabing kailangang mong bayaran ito, yan ay isang pandaraya. Huwag mong ibibigay ang iyong Social Security Number, numero ng account sa banko o magpadala ng pera sa sinuman na nagsasabing kailangan nya ito para makuha mo ang iyong Medicare card.
- **Huwag mong ibigay ang iyong Medicare Number sa mga taong hindi mo kilala o hindi mo nakakausap pa.** May ibang mga mandaraya na tatawag na nagpapakilalang taga Medicare, pero ang Medicare—o ang isang kinatawan ng Medicare—ay hindi kailanman magtatanong ng iyong personal na impormasyon para mo makuha ang bago mong Medicare kard. Ibahagi mo lamang ang iyong Medicare Number sa mga doktor o mapagkakatiwalaang mga tao sa komunidad na nagtatrabaho sa Medicare, tulad ng iyong State Health Insurance Assistance Program (SHIP). Sabihin mong “hindi salamat” sa kaninuman na hindi mo kilala na nag-aalay na tulungan ka na kumpletuhin ang mga aplikasyon o forms na nangangailangan na ilagay mo ang iyong personal na impormasyon tulad ng iyong Social Security Number.
- **Huwag mong ibibigay ang impormasyon tungkol sa iyong bank account sa mga taong hindi mo kilala.** Kung may mag-aalok na ideposito ang isang rebate o bonus sa iyong bank account dahil nakuha mo ang iyong bagong Medicare card, iyan ay isang pandaraya.
- **Huwag mong hayaan na lokohin ka para papaniwalain na ang iyong mga benepisyo sa Medicare ay makakansela kung hindi mo ibibigay sa kanila ang iyong Medicare Number.** Kung may mananakot sa iyo na kakanselahin ang iyong mga benepisyong pangkalusugan kung hindi mo ibibigay ang iyong Medicare Number, isara mo ang telepono! Kung makatanggap ka ng isang kahinahinalang tawag sa telepono, tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227; TTY: 1-877-486-2048) o bumisita sa Senior Medicare Patrol sa [smpresource.org](http://smpresource.org).

- **Sirain ang iyong lumang Medicare kard.** Oras ma makuha mo ang iyong bagong Medicare kard, sirain ang iyong lumang Medicare kard at simulan mo ng gamitin agad ang bago. Huwag mong basta-basta itapon ang lumang kard —punitin ito o gupitin ng mga maliliit na piraso. Bumisita sa CMSHHSgov channel sa YouTube para mapanood ang aming video na “Destroy your old Medicare card”.

Ang pagpapadala ng bagong mga Medicare kard sa milyun-milyong mga Amerikano ay mangangailangan ng panahon. Ang iyong kard ay maaaring dumating sa ibang panahon kaysa sa iyong kaibigan o kapitbahay. Alamin kung kailan ipadadala ang mga bagong kard sa iyong lugar sa pamamagitan ng pagbisita sa [Medicare.gov/NewCard](https://www.Medicare.gov/NewCard), at pagsali sa mga email alerts mula sa Medicare.

Upang makaalam pa kung paano ka makakatulong upang labanan ang mga panloloko sa Medicare, bumisita sa

[Medicare.gov/fraud](https://www.Medicare.gov/fraud).